THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS


# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 01* Enero 1-7, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# KUTA NG TERORISTANG GRUPO, NATUNTON SA SAMAR; SARI-SARING ARMAS, NASAMSAM

sundan sa pahina 3





## PUBLIC ANNOUNCEMENT!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 3**

**Minimal on- site capacity**

*Allowed*
*( a maximum of thirty percent 30%) venue/ seating capacity for fully vaccinated individuals only and 50% outdoor venue capacity*

**Activities and Establishment**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Squad leader ng CTG sa Panay, sumuko sa Tubungan PNP

sundan sa pahina 10

## Php1.4M shabu nasamsam sa Taguig buy-bust operations

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang Republic Act No. 11596?**

Ang RA No. 11596 o mas kilala bilang Anti-Child Marriage Law ay isang batas na nagbabawal sa pagpapakasal ng bata na ang edad ay mas mababa sa labinwalong taong gulang o kahit mas matanda pa dito ngunit hindi kayang protektahan ang sarili mula sa pang-aabuso dahil sa pisikal o mental na kondisyon nito. Ang lahat ng child marriages, mapa-civil o ginanap sa simbahan, o isinagawa sa kinikilalang tradisyunal, kultural o customary na paraan ay ipinagbabawal at sinumang manguna o nangasiwa ng nasabing kasal ay mapaparusahan ng pagkakulong at multa.

## JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio | @pnppio | @pnp_pio | PNP PIO | www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG



*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

PGEN DIONARDO B CARLOS

# PNP, handa sa NLE 2022 at posibleng pagtaas ng alert level sa bansa

**Simula ika-9 ng Enero ng kasalukuyang taon, ipinatupad na ang gun ban sa buong bansa. Ibig sabihin nito, ipinagbabawal na ang pagdala at pagbitbit ng anumang uri ng baril saan man. Ito ay kaalinsunod sa nalalapit na 2022 national at lokal na eleksiyon.**

Bunsod nga nito, nagsagawa na ang buong hanay ng pambansang pulisya kasama ang sandatahang lakas ng Pilipinas at COMELEC ng nationwide checkpoints sa buong bansa. Ito ay upang maiwasan ang paglipana ng mga private armed group at iba pang armadong grupo ngayong panahon ng eleksiyon.

Kaugnay nga nito, sinuspinde na rin ng PNP ang bisa ng lahat ng Permit to Carry Firearms Outside Residence (PTCFOR) na inisyu nito sa lahat ng indibidwal. Suspendido rin ang bisa ng mga permit na naisyu kaugnay ng pagbiyahe ng mga bala, explosive kahit nga mga public firearms display pati narin ang pagkuha ng VIP security personnel.

Tanging ang COMELEC Committee on Ban on Firearms and Security Concerns (CBFSC) ang pwedeng mag-isyu ng exemption bilang tugon sa aplikasyon ng exemption sa gunban at pagbabawal sa pagkuha ng VIP security personnel.

Mahigpit naman ang paalala ng PNP sa lahat na sumunod sa probisyon ng COMELEC Resolution No. 10728 na nagpapataw ng 150-araw na durasyon ng pagbabawal sa pagdadala ng baril at pagkuha ng serbisyo ng VIP security personnel. Lagi sanang tandaan na publiko ang kaakibat na mabigat na kaparusahan sa sinumang mahuhuli at mapapatunayang lumabag dito. Mapaparusahan ng pagkakulong ng hindi bababa sa isang (1) taon ngunit hindi hihigit sa anim (6) na taon at hindi sasailalim sa probation. Bilang karagdagan, ang nagkasala na partido ay dapat magdusa ng diskwalipikasyon na humawak ng pampublikong katungkulan at maalisan ng karapatan sa pagboto at panghabang-buhay na diskwalipikasyon upang makakuha ng lisensya/permit ng baril.

Sinisiguro naman ng pambansang pulisya na kahit nagsimula na ang pag-implementa ng gun ban sa bansa, hindi naman ito makakaapekto sa maigting na pagbabantay at pagpapatupad ng mga health protocol kaugnay parin ng umiiral na pandemya.

Sa katunayan kung kinakailangan, pinahihintulutan ang mga checkpoint na ito ay isama sa kasalukuyang Quarantine at Border Control Points sa mga lugar sa ilalim ng Alert Level 3 o mas mataas pa.

Nananawagan naman tayo sa publiko na maging mapagmatyag sa lahat ng oras upang maiwasan ang mga masasamang tao na samantalahin ang panahon ng halalan. Kaakibat nito, laging sumunod sa mga umiiral na health protocols. Maging una sa prayoridad natin ang kaligtasan hindi lamang mula sa mga masasamang tao kundi pati narin sa COVID-19.

Maging bayani tayo na nagpoprotekta sa ating sarili at sa iba mula sa anumang uri ng panganib sa kalusugan.

# 0 Death sa pagsalubong ng 2022 - PNP




Ang tradisyunal na pagdiriwang ng Yuletide Holiday Season ay nagtapos na mapayapa na walang anumang malalaking insidente na naitala, batay sa ulat ng Philippine National Police.

Ang pagtatala ay ginawa at pinangunahan ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos sa mga oras bago magpalit ng taon, kung saan pinagsama-sama ng PNP Command Center sa Camp Crame ang mga field reports mula sa Police Regional Offices sa buong bansa.

"Overall, the situation remains generally peaceful throughout the country with no major untoward incidents that marred the traditional festive Christmas and New Year revelry," saad ni PGen Carlos.

Gayunman, iniimbestigahan ng pulisya ang apat na umano'y insidente ng ligaw na bala sa Ilocos Region, CALABARZON, Northern Mindanao, at Cordillera noong bisperas ng Bagong Taon.

Tiniyak ni PNP Chief sa mga lokal na PNP unit sa ibaba na maghahatid ng forensic at technical support mula sa National Support Units para tumulong sa imbestigasyon.

Sa kabila ng mga insidenteng ito, malaki ang pagbaba sa bilang ng mga insidente ng ligaw na bala noong Bagong Taon 2022 kumpara sa mga nakaraang taon.


Inihahanda na din ang karampatang kaso laban sa mga naarestong gun holders na sangkot sa 17 insidente ng illegal discharge of firearms.

Pinuri rin ni PGen Carlos ang mga lokal na yunit ng PNP na suportado ng LGU force multipliers para sa mahigpit na pagpapatupad ng mga local Executive Orders sa pagbabawal ng mga paputok na nagresulta sa pagbaba ng firecracker-related injuries ngayong taon.

Sa suporta ng 80,188 force multipliers, nagdeploy ang PNP ng 32,179 police personnel para sa pagpapatupad ng batas at public safety operations sa Holiday Season.

Tunay nga na kapag nagtulungan ang kapulisan at komunidad at iba pang kaagapay gaya ng force multipliers ay makakamtan natin ang payapa at ligtas na pagdiriwang at pagsalubong sa taong 2022.

# PNP: Laging dalhin ang Vax Card




**Pinaalalahanan ng Philippine National Police (PNP) ang lahat ng motorista at mga pasahero na bumibiyahe paloob at palabas ng Kamaynilaan at karatig probinsya na palaging dalhin ang kanilang vaccination cards na maaaring kailangan sa pagpasok sa mga border control points.**

Bunsod nito, ang pinaigtig na kautusan na suriin ang patunay na bakunado ang sinumang papasok sa lugar dahil sa kalagayan ng mga lungsod kung saan kasalukuyang sumasailalim ang National Capital Region (NCR) at karatig na probinsya ng Bulacan sa Alert Level 3.

"Those without vaccination cards will be barred from entering and will be asked to go back. The PNP is fully aware that movement must not be hampered, but non-essential travel can be controlled. Just stay at home at this time when you have nothing important to do outside," ayon kay PNP Chief Police General Dionardo Carlos.

Tugon ang aksyon na ito sa inisyatibo ng mga Alkalde ng Metro Manila sa pagpigil sa pagkilos ng mga di-bakunadong residente sa pampumblikong lugar.

Patuloy namang pinag-aaralan ng PNP ang pang-araw-araw na sitwasyon. Kung kinakailangan, magdadagdag pa ng mga pulis sa mga checkpoints na may mataas na bilang ng mga sasakyan.

Samantala, ininspeksyon naman ng PNP ang kabuuang 367 na quarantine hotels sa bansa alinsunod na kautusan ng Pangulo Rodrigo Duterte at ng Department of Interior and Local Government (DILG) na magtalaga ng di bababa sa dalawang pulis upang i-monitor ang mga nasabing lugar para maiwasan ang insidente ng pagtakas sa indibidwal na sumasailalim sa mandatory isolation.

"Well we follow the instruction of the President of deploying 2 PNP personnel on a 12-hour shift in these hotels that are being utilized as quarantine facilities for returning overseas Filipinos. So we have enough personnel. We have already tasked National Capital Region Police Office (NCRPO) Chief Police Major General Vicente Danao and the other Regional Directors to deploy immediately two policemen," sabi ni PGen Carlos.

Dagdag pa niya, "So we have done that already and we are just making sure that we have also made coordination with the other government agencies like the Department of Tourism (DOT) and the Bureau of Quarantine and Department of Transportation (DOTr) for a common help desk so we will be working together to ensure that the returning overseas Filipinos (ROFs are in the hotels doing their Quarantine."

Nasuri at naberipika ng hanay ng kapulisan ang may kabuuan ng 9,003 na katao sa 367 na quarantine hotels mula sa 408 sa buong bansa. Wala namang naitalang pagtakas magpasahanggang sa ngayon.

Matatagpuan sa NCR ang karamihan ng naka-quarantine na may bilang na 6,736 mula sa 119 na quarantine hotels. Ito ay sinundan ng Central Luzon na may 1,680 na katao at Central Visayas na nagtala ng 359 na nasa loob ng quarantine hotels.

# Kuta ng teroristang grupo, natunton sa Samar; sari-saring armas, nasamsam



**Matuguinao, Samar (January 6, 2022) - Sa pinalakas, pinalawak at walang humpay na operasyon na isinasagawa ng PNP-Special Action Force sa probinsya ng Samar, nagresulta ito sa pagkakakubkob muli ng mas malaki at panibagong kuta ng teroristang NPA noong ika-6 ng Enero, 2022 sa Brgy. Camonoan, Matuguinao, Samar.**

Ang natagpuang kuta ay may apat na bunkers o kublian at isang kweba. Ang naturang kweba ay may habang 100 meters at lalim na 10 meters na may dalawang lagusan. Tinatayang kaya nitong gawing tirahan ng 30 katao.

Bukod dito, sari-saring kagamitan naman ang nasamsam sa loob ng kweba: isang (1) Honda Generator (C3000), isang (1) rolyong 50-meter hose, isang (1) printer, subersibong dokumento, isang (1) android phone, apat (4) na keypad (samsung) phone, dalawang (2) back pack, mga kagamitang panluto, at iba pang personal na kagamitan.

Samantala, sa labas ng kanilang kuta ay may sandamakmak na kagamitang pang giyera ang nasamsam. Ilan sa mga ito ay: isang Bushmaster rifle, isang Cal. 30 carbine rifle, 25 Cal. 30 ammunition, apat na Carbine Magazine, isang (1) cal. 22 rifle, isang (1) blasting cap, IED wire, 15 pirasong PVC pipe (2 inches diameter, 1 meter length), at Battery.

Ito ay maituturing na malaking panalo laban sa hanay ng teroristang grupo.

Magugunitang kamakailan lamang ay sunod sunod ang mga nakubkob ding mga kuta ng teroristang grupo ng ating kapulisan sa parehong lugar. Nagpapahiwatig lamang nito na pahina na nang pahina ang pwersa ng teroristang grupo. Ito ay resulta ng pakikipagtulungan ng komunidad sa ating mga kapulisan.

"Napakatagal na panahon na kaming iginagapos ng teroristang grupo sa kanilang baluktot na pakikibaka. Mula noon ay hindi na naging normal ang aming pamumuhay. Lalo kaming nilulugmok sa kahirapan sapagkat itinataboy nila ang mga programang pangkabuhayan ng gobyerno sa amin. Laking pasalamat namin at dumating ang PNP-SAF na layuning tapusin na ang terorismo dito sa amin. Handa kaming makipagtulungan sa pwersa ng gobyerno upang mapabuti na ang aming lugar. Ito ay hindi lamang para sa amin kundi pati sa hinaharap ng aming mga anak at mga apo," galak na pahayag ng isang nakakatandang residente sa bayan ng Matuguinao.

Sa patuloy na pakikipagtulungan ng mga tao sa komunidad at kinasusuklaman ang teroristang grupo, hindi malayong mawawakasan na sa lalong madaling panahon ang pasakit, pahirap at karahasan ng teroristang grupo sa lalawigan ng Samar.

Makakaasa ang bawat mamamayan na ang inyong PNP-Special Action Force ay patuloy na isusulong ang kapayapaan sa ating mga kanayonan at hindi titigil sa pagsupil sa makateroristang gawain at tinitiyak na mananagot sa ating mga batas ang mga rebelding sumisira sa buhay ng ating mga inosenting kababayan.

Samantala, patuloy padin ang panawagan ng gobyerno sa lahat ng nalalabing kasapi ng CPP-NPA na gumising na sa katotohanan, ibaba na ang mga armas at magbalik loob na sa pamahalaan.

May mga nakahandang pinansiyal at pangkabuhayang suporta para sa mga susukong kasapi ng teroristang grupo. Higit sa lahat, makakapamuhay sila ng payapa kasama ang kanilang mga mahal sa buhay.

# Higit sa 900 na biyahero, hindi pinapasok sa mga boarder points sa Benguet



**Abot sa 920 ang bilang ng mga motorista at turista ang hindi pinapasok ng mga kapulisan sa iba't ibang boarder control point ng Benguet Provincial Police Office simula noong muling pagtaas ng kaso ng COVID-19.**

Ayon kay Police Lieutenant Colonel Stephen George Antonio, Deputy Provincial Director for Administration ng Benguet PPO, ang mga biyaherong pinabalik ay walang dala-dalang travel document gaya ng vaccination card at negatibong resulta ng RT-PCR test.

Dagdag pa rito, karamihan sa mga nasita at pinabalik ay patungo sa Lungsod ng Baguio.

Samantala, umabot naman sa 60 ang mga biyaherong kompleto sa document at coordinated sa tanggapan ng probinsya ang tinulungan ng kapulisan patungo sa triage area sa Wangal, La Trinidad, Benguet.

Paliwanag ni PLtCol Antonio ang mahigpit na pagpapatupad ng travel restriction at paghahanap ng travel document sa mga bisita at turista ay magpapatuloy upang naiwasan ang pagkalat ng Omicron Variant mula sa National Capital Region at iba pang probinsya.

Pinaalalahanan din ang mga motorista sa mga boarder point ng probinsya na matatagpuan sa Tuba, Sablan, Bokod, Buguias at Mankayan Benguet.

# 166 na Wanted sa Batas, tiklo sa "Project Paskulong"

**Kalaboso ang aabot sa mahigit isang daang personalidad na pinaghahanap ng batas sa Project Paskulong ng Police Regional Office 10 (PRO 10). Inabangan ng mga awtoridad ang pag-uwi ng mga suspek sa kani-kanilang pamilya nitong nagdaang pasko at bagong taon.**

Agad na pinasok ng SWAT ng Iligan City at Regional Special Operations Unit 10 (RSOU 10) ang isang bahay sa Iligan City at nahuli si Robert Aguilar, hinihinalang hitman at isa sa Most Wanted ng Region 10 dahil sa dalawang murder case.

Sa hiwalay na operasyon, tiklo rin si Roldan Partolan na isa ring wanted personality dahil sa kasong murder.

Inabot rin ng anim (6) na taon bago naaresto ang Most Wanted na si Jimmy Platero sa Camiguin dahil sa kasong murder.

Arestado ang tatlo (3) sa ilalim ng "Project Paskulong" na ikinasa ng PNP PRO 10 para mahuli ang mga uuwing priority projects nitong nagdaang pasko at bagong taon.

Ayon sa Regional Director ng PRO 10, PBGen Benjamin Acorda, Jr, "We implemented the Project Paskulong, working on the premise that most of these wanted persons na matagal na nating hinahanap ay would most likely visit their families."

Umabot sa 166 ang naaresto sa Project Paskulong na karamihan ay murder cases ang hinaharap.

"Since December 1 hanggang matapos ang taon, marami po tayong nahuli sa pakikipagtulungan ng sambayanan at kapulisan," saad ni PLtCol Vic Cabatingan, RSOU 10.

Nakakulong na ang mga naaresto sa iba't ibang police stations sa rehiyon.

"Ang importansya ng proyekto na ito ay mabigyan ng hustisya ang mga pamilya ng biktima at magbigay ng babala sa mga gagawa ng masama na sila ay hahabulin ng batas," dagdag ni PBGen Acorda, Jr.

# PNP CHIEF @ UR SERBIS



*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Gun Ban, mahigpit na ipapatupad maging sa hanay ng Pulisya

Nagsimula na ang pagpapatupad ng nationwide gun ban sa bansa noong Enero 9, 2022 hanggang Hunyo 8, 2022 bilang paghahanda sa darating na Local and National Elections 2022 sa ating bansa.

Kasabay din nito ang suspension ng Permit to Carry Firearms Outside of Residence para sa mga sibilyan habang ang mga law enforcers, kabilang ang mga pulis ay exempted dito basta't sila ay magdala ng kanilang inisyu na baril habang naka-uniporme at nasa pagganap ng opisyal na tungkulin.

Mariin natin ipinapaalala sa ating mga kasamahang pulis na ang mga naka-duty na pulis lamang ang pinapayagang magdala ng kanilang mga baril. Ang mga hindi naka-duty ay ipinagbabawal na magdala ng baril. Kahit sino sa ating mamamayan ay maaaring magsumbong sa PNP sa sinumang pulis na umaabuso o lumalabag sa panuntunang ito. Nais nating mapanatili ang disiplina sa aming mga kasamahan.

Samantala, ang Certificate of Authority na ipinagkaloob sa PNP ay nagsasaad ng mga exemptions sa panuntunan na maaaring magpapahintulot sa mga tauhan ng pulisya na magdala o maghatid ng mga baril nang hindi nakasuot ng uniporme kung sila ay nagsasagawa ng legal na intelligence o counter-intelligence gathering activities, at iba pang police emergencies na kinakailangan ang serbisyo ng pulis.

Pinapaalalahanan ko rin ang ating mga kasamahang pulis na nakatalaga at nagsasagawa ng mga checkpoint na maging magalang at mahinahon. Tandaan na limitado lamang sa visual search ang ating pagsasagawa nito. Ngunit kung kinakailangan at tawag ng tungkulin, lalo na sa mga sitwasyon at kondisyong pinahintulutan ng batas, ang ating kapulisan ay maaaring magsagawa ng karagdagang inspeksyon.

Ang sinumang tao na may dalang baril ay dapat magalang na hilingan na magpakita ng kopya ng valid Certificate of Authority. At kung walang maipakitang papeles, sila ay may paglabag sa umiiral na COMELEC rules.

Ang mga taong lalabag sa gun ban ay maaaring makasuhan ng illegal possession of firearms, alinsunod sa Comelec Resolution 10741 na nag-uutos sa pagsasagawa ng mga checkpoint at pagbabawal sa pagdadala ng baril o iba pang nakamamatay na armas.

# EDITORYAL

## PNP, handa sa NLE 2022 at posibleng pagtaas ng alert level sa bansa

Simula ika-9 ng Enero ng kasalukuyang taon, ipinatupad na ang gun ban sa buong bansa. Ibig sabihin nito, ipinagbabawal na ang pagdala at pagbitbit ng anumang uri ng baril saan man. Ito ay kaalinsunod sa nalalapit na 2022 national at lokal na eleksiyon.

Bunsod nga nito, nagsagawa na ang buong hanay ng pambansang pulisya kasama ang sandatahang lakas ng Pilipinas at COMELEC ng nationwide checkpoints sa buong bansa. Ito ay upang maiwasan ang paglipana ng mga private armed group at iba pang armadong grupo ngayong panahon ng eleksiyon.

Kaugnay nga nito, sinuspinde na rin ng PNP ang bisa ng lahat ng Permit to Carry Firearms Outside Residence (PTCFOR) na inisyu nito sa lahat ng indibidwal. Suspendido rin ang bisa ng mga permit na naisyu kaugnay ng pagbiyahe ng mga bala, explosive kahit nga mga public firearms display pati narin ang pagkuha ng VIP security personnel.

Tanging ang COMELEC Committee on Ban on Firearms and Security Concerns (CBFSC) ang pwedeng mag-isyu ng exemption bilang tugon sa aplikasyon ng exemption sa gunban at pagbabawal sa pagkuha ng VIP security personnel.


Mahigpit naman ang paalala ng PNP sa lahat na sumunod sa probisyon ng COMELEC Resolution No. 10728 na nagpapataw ng 150-araw na durasyon ng pagbabawal sa pagdadala ng baril at pagkuha ng serbisyo ng VIP security personnel. Lagi sanang tandaan ng publiko ang kaakibat na mabigat na kaparusahan sa sinumang mahuhuli at mapapatunayang lumabag dito. Mapaparusahan ng pagkakulong ng hindi bababa sa isang (1) taon ngunit hindi hihigit sa anim (6) na taon at hindi sasailalim sa probation. Bilang karagdagan, ang nagkasala na partido ay dapat magdusa ng diskwalipikasyon na humawak ng pampublikong katungkulan at maaalisan ng karapatan sa pagboto at panghabang-buhay na diskwalipikasyon upang makakuha ng lisensya/permit ng baril.

Sinisiguro naman ng pambansang pulisya na kahit nagsimula na ang pag-implementa ng gun ban sa bansa, hindi naman ito makakaapekto sa maigting na pagbabantay at pagpapatupad ng mga health protocol kaugnay parin ng umiiral na pandemya.

Sa katunayan kung kinakailangan, pinahihintulutan ang mga checkpoint na ito ay isama sa kasalukuyang Quarantine at Border Control Points sa mga lugar sa ilalim ng Alert Level 3 o mas mataas pa.

Nananawagan naman tayo sa publiko na maging mapagmatyag sa lahat ng oras upang maiwasan ang mga masasamang tao na samantalahin ang panahon ng halalan. Kaakibat nito, laging sumunod sa mga umiiral na health protocols. Maging una sa prayoridad natin ang kaligtasan hindi lamang mula sa mga masasamang tao kundi pati narin sa COVID-19.

Maging bayani tayo na nagpoprotekta sa ating sarili at sa iba mula sa anumang uri ng panganib sa kalusugan.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP Chief of the Directorial Staff, 3-Star General Na!

Pormal nang ginawaran ng kanyang promosyon bilang 3-Star General o katumbas ng ranggong Police Lieutenant General (PLTGEN) ang kasalukuyang PNP Chief of the Directorial Staff (TCDS) sa katauhan ni PLtGen Rhodel O Sermonia sa pamamagitan ng "Oath-Taking and Donning of Star Ranks Ceremony" na ginanap sa PNP Multi-Purpose Center sa Camp BGen Rafael Crame, Quezon City.

Si Philippine National Police Chief, Police General Dionardo B Carlos ang siyang nanguna bilang Administering Officer sa nasabing programa kasama ang kanyang PNP Command Group at iba pang mga opisyales ng Pambansang Pulisya.

Bukod kay PLtGen Rhodel Sermonia ay ginawaran din ng kanilang promosyon sina: Police Major General Michael John Dubria, PNP Director for Intelligence (DI); Police Brigadier General Joel Doria, Commandant of Cadets, Philippine National Police Academy (PNPA); PBGEN Edgar Allan Okubo, Deputy Regional Director for Administration (DRDA), Police Regional Office (PRO) 11; at si PBGEN Alden Delvo, Executive Officer, DI.

Sa kanyang naging mensahe ay pinapurihan ni PNP Chief, PGen Dionardo Carlos ang mga magigiting na nasabing opisyal kalakip nito ay ang kanyang taus-pusong pagbati. Anya, "let this promotion to your new rank take you to a new and wider opportunity to better serve our country and people with utmost pride, honor, and dignity."


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Salamat Panginoong Diyos sa Nakalipas na Taong 2021

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang patuloy na gabay at patnubay sa ating lahat. Lahat tayo ay nananabik sa pagpasok ng "Bagong Taong 2022". Bagong pag-asa at pagkakataon ang para sa ating lahat. Kung ating babalik-tanawin ang taong 2021 ay marami tayong naranasan, ito man ay nagdulot ng kabutihan at kalungkutan sa atin.

Maaari mo bang isulat at ilahad ang mga magagandang bagay na ginawa sa iyo ng Panginoong Diyos?

Isa-isa kong sinulat ang nangyari sa akin sa taong 2021, at ako ay namangha. Lubos ang aking pasasalamat sa ating Panginoong Diyos. Hindi ko kayang sambitin ang lahat ng ginawa Niya sa akin, sa iyo at sa ating lahat.

Ayon sa "Banal na Kasulatan", Awit 118:29 "Oh magpasalamat kayo sa Panginoon, sapagkat siya`y mabuti: sapagka`t ang kaniyang kagandahang-loob ay magpakailan man."

Pasalamatan natin Siya sa lahat ng pagkakataon. Bagama`t dumating sa atin ang pandemyang COVID-19 ng hindi natin ginusto. Naka-apekto man ito ng labis sa mga tao. May mga bagay pa rin tayong dapat ipagpasalamat:

1. Salamat sa Panginoong Diyos dahil ako ay naging pulis na naglilingkod sa bayan.
2. Salamat sa Panginoong Diyos dahil patuloy ang aking suweldo at may karagdagan benepisyo ang natatanggap mula sa gobyerno.
3. Salamat sa Panginoong Diyos dahil sa kabila ng pandemya ay may pagkakataon akong makapasok sa iskuling para matuto at tumaas ang ranggo.
4. Salamat sa Panginoong Diyos dahil magkakasama ang aking pamilya.
5. Salamat sa Panginoong Diyos dahil iningatan Niya tayo laban sa COVID-19.
6. Salamat sa Panginoong Diyos dahil binigyan Niya tayo ng mga kaibigan na karamay natin sa lahat ng panahon.
7. Salamat sa Panginoong Diyos dahil binigyan Niya tayo ng kakayahan at kaalaman upang magamit natin sa ating trabaho at misyon.
8. Salamat sa Panginoong Diyos dahil sa mga guro na nagturo sa atin.
9. Salamat sa Panginoong Diyos dahil sa magulang na nag-aruga at nagpalaki sa atin.
10. Salamat sa Panginoong Diyos dahil sa mga taong naniwala sa atin na naglaan ng oras upang linangin ang ating kasanayan.

Salamat sa Panginoong Diyos…! Napakaraming bagay ang ating dapat ipag-pasalamat sa Kanya.

Sa taong 2022, harapin natin ito ng may bagong pag-asa. Bagong pagkakataon at pagkilos ng ating Panginoong Diyos sa ating buhay. Anuman ang ating plano, lumapit tayo sa Kanya. Manalangin at humingi tayo gabay sa Kanya upang tayo ay magtagumpay.

Tayo po ay manalangin!

O Diyos aming Panginoon, maraming salamat po sa lahat ng mga biyaya na aming natanggap mula sa Iyo. Sa taong 2021 ay maraming nangyari sa aming buhay at nanatili kaming nakatayo at matatag dahil sa tulong at gabay Mo sa amin. Patawarin Mo kami sa lahat ng aming mga kasalanang nagawa laban sa Iyo. Dalangin namin na sa taong ito ng 2022 ay samahan Mo kami at sa lahat ng aming mga plano ay gabayan Mo kami upang magtagumpay ang Pambansang Pulisya sa pangunguna ng aming Hepe ng Pambansang Pulisya, PGen Dionardo Carlos.

Ito po ang aming hinihiling sa Iyong makapangyarihang pangalan. Amen!

## Criminal group member, timbog sa Pasay

**Pasay (January 6, 2022) - Isang miyembro ng kilalang Lalaine Saligumban Criminal Group na pangunahing sangkot sa robbery hold-up at illegal drug activities sa Pasay, Makati at Manila, arestado sa katauhan ni Lariz Guevarra y Costillas aka Onyok, 29 taong gulang, construction worker at naninirahan sa Pasay City, bandang 6:00 ng gabi ng Huwebes (Enero 6) sa kahabaan ng Kamagong St., Brgy. 145, Zone 16, Pasay City matapos mahulihan ng isang improvised handgun.**

Ayon kay PCol Cesar G Paday-Os, Chief of Police, nakatanggap ang kaniyang mga tauhan sa Intelligence Section ng impormasyon hinggil sa umano'y nakawan at transaksyon ng ilegal na droga sa lugar ng Barangay Sto. Niño, Pasay City. Agad na nagtungo ang mga pulis sa lokasyon kung saan nila nasilayan ang mga suspek na lumabag sa protocol ng IATF. Nilapitan ng mga operatiba ang mga suspek ngunit agad silang tumakbo sa magkaibang direksyon. Nakorner si Guevarra at narekober sa kanya ang isang (1) improvised homemade handgun na kargado ng isang (1) live caliber .45 ammunition.

Bukod sa OVR dahil sa paglabag sa City Ordinance 6129 (No Facemask) si Guevarra ay sasampahan ng kasong paglabag sa RA 10591 (Comprehensive Law on Firearms and Ammunitions Regulation Act) na nakakulong ngayon sa Custodial Facility ng Pasay City. Samantala, ang mga nakuhang ebidensya ay ibibigay sa SPD Forensic Unit para sa ballistics examination.

Ang dumaraming bilang ng mga kaso ng COVID ay hindi makakapigil sa gampanin ng ating mga kapulisan sa kanilang sinumpaang tungkulin. Patuloy pa rin ang kanilang pagpapanatili ng isang mapayapang komunidad.

## Informant, binigyan ng pabuya dahil sa matagumpay na buy bust operation

**Zamboanga City (December 26, 2021) - Ginawaran ng pabuya ni PBGen Franco Simborio, Regional Director ng Police Regional Office 9 (PRO 9) ang nagbigay ng mahalagang impormasyon na naging daan para sa matagumpay na operasyon na ikinasa ng kapulisan noong Disyembre 26, 2021 sa Purok 11, Phase 1 Lobregat Village sa Calarian, Zamboanga City na nagresulta sa pagkakadakip ng tatlong (3) suspek na nasa drug watch list at pagkakumpiska ng ilegal na droga na nagkakahalaga ng Php6,800,00.**

**Sa pagpapalawak ng kapulisan sa kampanya laban sa ilegal na droga, malaki ang nagiging tulong ng pagbibigay ng mga pabuya upang hikayatin ang komunidad na makiisa at magsumbong para sa mga ilegal na nangyayari sa mga lokalidad.**

**Nagkakaisa ang buong hanay ng PRO 9 sa patuloy at walang tigil na pagsisikap upang labanan at puksain ang ilegal na droga sa Rehiyon para sa seguridad at kaligtasan ng bawat mamamayan.**



# 39K iligal na paputok, kinumpiska at sinira ng PRO2

**Pinangunahan ng Police Regional Office 2 ang Ceremonial Destruction and Disposal of Confiscated/Seized Illegal Firecrackers na ginanap sa Grandstand ng Regional Headquarters, Camp Marcelo Adduru, Tuguegarao City, Cagayan ngayong araw ng Enero 3, dalawamput dalawa.**

Nagkakahalaga ng Php39,315 ang mga sinirang ipinagpapabawal na paputok.

Nakumpiska ang mga ito sa magkakahiwalay na police operations sa buong lambak ng Cagayan at ang iba ay kusang isinuko sa mga kapulisan.

Nakiisa sa aktibidad ang mga tauhan ng Bureau of Fire Protection-Tuguegarao City at mga kinatawan ng media.

Sa mensahe ni PRO2 Regional Director Police Brigadier General Steve Ludan, kanyang pinuri ang bawat miyembro ng Valley Cops sa tapat at masigasig na pagseserbisyo upang mapanatili ang kaayusan sa buong rehiyon lalo na noong Disyembre 26 na anibersayro ng mga teroristang grupo.

Samantala, walang naitalang kaso ng indiscrimate firing na kinasasangkutan ng Valley Cops. Gayundin, kaunti lamang ang naitalang nasugatan at naputukan sa buong rehiyon sa nakalipas na Yuletide season.





# Project BATMAN ng Quirino PMFC, muling umarangkada







**Cabarroguis, Quirino (January 3, 2022) - Matagumpay ang muling pagsasagawa ng Quirino PMFC ng Project BATMAN o Be a Total Man-Operation Tuli sa LEX Building, Capitol Hills, Cabarroguis, Quirino noong Enero 3, 2021.**

Pinangunahan ng mga kapulisan mula ng Quirino Provincial Medical and Dental Team sa direktang gabay ni PCol Cleto Pham Manongas, Chief Regional Medical and Dental Unit 2, kasama ang mga tauhan ng 1st Quirino Provincial Mobile Force Company (PMFC) sa pangunguna ni Plt Benedict V Cabias, Officer-in-Charge, ang naturang aktibidad.

Naging benepisyaryo nang nabanggit na proyekto ang 11 batang lalaki na nagmula sa iba't ibang bayan ng Quirino Province.

Samantala, naging katuwang ng mga kapulisan sina Hon. Julius Caesar Vaquilar, Bise Gobernador ng probinsya at Bb. Ana Alodia L Cabias, Nurse II, SDO Kalinga.

Inilunsad ang proyektong ito noong Enero 31, 2020 na kung saan ay nakapagsagawa sila ng 24 na aktibidad at nagkaroon ng 447 kabataang lalaki ang naging benepisyaryo.

Tinuturing itong best practice ng First Quirino PMFC sa tulong at suporta ng mga stakeholders ng mga kapulisan.

# 1,000 food packs, handog ng Makati Chinese Chamber of Commerce, National Police College, at PNPA Tagapamagitan Class of 2013

**Tinanggap ng Police Community Affairs and Development Group (PCADG) sa pangunguna ng Directorate for Police Community Relations (DPCR) ang 1,000 food packs na nagkakahalaga ng Php1,000,000 na donasyon mula sa Makati Chinese Chamber of Commerce, National Police College, at PNPA Tagapamagitan Class of 2013 noong Enero 3, 2022 sa Camp BGen Rafael T Crame, Quezon City.**

Ang mga nasabing donasyon ay nakalagak na ngayon sa PNP Child Development Center sa Kampo Crame at inihahanda na upang agad na maipamahagi sa ating mga kababayan sa Kabisayaan at ilang parte ng Mindanao na sinalanta ng bagyong Odette noong nakaraang buwan.

Para sa ating mga kababayan na nais magpahatid pa ng tulong o donasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Commmunity Assistance and Development Division ng PCADG na matatagpuan sa Camp Crame.

Makakaasa kayo na ligtas na makakarating ang inyong mga donasyon sa ating mga kababayan na lubos na nangangailangan ng tulong.

Sinisiguro naman ng PNP na patuloy na aalalay at magpapaabot ng tulong hindi lamang sa mga nasalanta ng kalamidad kundi sa lahat ng nangangailangan sa lahat ng pagkakataon.









# Proyektong "Bahay Mo, Puso Ko" ng CMFC sa Cebu, patuloy na isinasakatuparan





**Cebu City (January 5, 2022) - Masayang tinanggap ng ikatlong mapalad na benepisyaryo ng Advocay Program na "Bahay Mo, Puso Ko" na si Ginang Nancy Dealagdon Juario ang kanyang bagong bahay na iginawad ng Cebu City Mobile Force Company sa pangunguna ni PLtCol Chuck M Barandog, Force Commander kasama ang mga tauhan nito sa Community Affairs and Development Section.**


Katuwang ng nasabing tanggapan sina Hon. Antonio Bolocano, Advocacy Groups ng Barangay at Ms. Rhose Bee Kiamco, HR Clerk, Project Sponsors ng EEI Corporation, sa pamamahagi ng mga Bundle of Joy at sa pagsasagawa ng inspeksyon sa bahay na iginawad sa nasabing ginang matapos ang hagupit ng bagyong Odette na lubos na sumira sa mga tirahan at kagamitan ng ating mga kababayan sa ilang parte ng Visayas at Mindanao.


Ang nasabing aktibidad ay pinasimulan ni PLtCol Barandug na naglalayong bumuo at buhayin ang diwa ng pagkabukas-palad sa ating mga kababayan sa aktibong suporta ng mga Stakeholders at Advisory Group ng CMFC.








# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Handang Mag-alay ng Buhay Para sa Inyong Kaligtasan

Sa anumang kaganapan, anumang sandali at saan mang lugar, ang isang tunay na Pulis ay handang tumugon sa mga nangangailangan at magligtas sa mga taong nanganganib ang buhay. Walang pag-aalinlangan na itataya ng isang pulis ang kanyang buhay para sa kaligtasan ng mamamayan. Ito ang panata ng bawat isang Alagad ng Batas, ito ang ultimong sakripisyo ng isang pulis sa pagtugon sa tawag ng tungkulin.

October 18, 2019, rumesponde si PCpl Ronnie Tamaliwan ng Bulacan Provincial Intelligence Branch dahil sa panggugulo ng isang grupo ng mga kalalakihan sa area ng Barangay Lalangan, Plaridel, Bulacan. Nakatanggap ng tawag ang pulisya mula kay Barangay Captain Danilo Tayaw at inireport niya ang panggugulo ng grupo ni Nesty Nacino sa relocation site. Itong si Nacino ay dati nang nasangkot sa ilegal na droga. Agad na rumesponde ang grupo ni PCpl Tamaliwan at ang SWAT Team ng Bulacan Provincial Police Office.

Nang marating ng mga pulis ang bahay ng suspek ay agad silang pinaputukan nito kaya napilitan na rin silang gumanti ng putok. Sa nasabing engkuwentro ay sinawimpalad na tinamaan ng bala sa katawan si Tamaliwan. Sugatan man, patuloy pa rin siyang nakipaglaban sa suspek hanggang sa huling hibla ng kanyang hininga. Namatay siyang hawak pa rin ang kanyang baril at puspos nang kagitingan upang ipatupad ang batas. Sa pagkamatay ni Tamaliwan, lalong naging maigting ang hangarin ng kanyang mga kasama na manaig ang panig ng batas, nagpatuloy ang palitan ng putok hanggang sa masukol ang suspek na si Nacino sa isang ginagawa pa lamang na bahay.

Batay sa ulat, naghagis pa ng granada sa mga pulis ang suspek ngunit sa kabutihang palad ay hindi ito sumabog. Sa kalaunan ay napatay din ng nga kasamahan ni Tamaliwan ang kriminal na si Nacino na naghasik ng takot at pangamba sa mga taga Barangay Lalangan.

Labis naman ang kalungkutang lumukob sa katauhan ng mga kasamahan at kababayan ni PCpl Ronnie Tamaliwan na nag-alay ng kanyang buhay para sa katahimikan at kapayapaan ng pamayanan.

Paalam at salamat sa iyong sakripisyo PCpl Tamaliwan!

# 2 Top Most Wanted Person, arestado

**Arestado ang dalawang (2) Top Most Wanted sa Nueva Ecija at Pampanga sa magkahiwalay na manhunt operation na umabot ng dalawang araw sa paghahanap noong Enero 7 at 8, 2022.**

Nagsanib-pwersa ang kapulisan ng Mabalacat City Police Station at 302nd Regional Mobile Force Batallion 3 upang isagawa ang nasabing operation sa Brgy. Dapdap, Mabalacat City, Pampanga. Dito naaresto si Arnold Cayanan y Alucday, 47 years old, Top 5 Most Wanted Person ng Mabalacat CPS na may Warrant of Arrest sa kasong Illegal Possession of Firearms and Ammunitions sa ilalim ng Criminal Case 2679-3014 na inihain ni Hon. Allene C. Torres-Pena, Acting Presiding Judge of RTC Branch 65, Tarlac City.

Arestado din sa Licab, Nueva Ecija si Jayson Corpuz y Alcantara, 37 years old, isa ding Top Most Wanted sa nasabing lugar, na residente ng Brgy. Poblacion Sur, Licab, Nueva Ecija na may Warrant of Arrest sa kasong panggagahasa sa ilalim ng Criminal Case No. 6174-G na inihain din ni Hon. Leo Cecilio D. Bautista, Acting Presiding Judge of RTC, Third Judicial Region, Branch 32, Guimba, Nueva Ecija.

Nasa kustodiya ng Mabalacat CPS si Arnold samantala si Jayson ay nasa kustodiya din ng Licab MPS.

Ayon kay Regional Director Police Brigadier General Matthew Baccay, sinabi nya na patuloy pa rin ang pangangampanya ng kapulisan ng Gitnang Luzon laban sa kriminalidad.

Layunin nito ay matukoy ang mga suspek at mabigyan ng tamang hatol sa kanilang sala at mabigyan din ng hustisya ang kanilang biktima.

# SACLEO, matagumpay na naisagawa sa Nueva Ecija



**Nueva Ecija (January 2, 2022) - Isang matagumpay na Simultaneous Anti-Criminality Law Enforcement Operation (SACLEO) ang naisagawa ng Nueva Ecija Police Provincial Office (NEPPO), kung saan nahuli ang isang (1) wanted person, dalawang (2) suspek sa paglabag sa batas PD 705 at pagkasamsam ng mga ilegal na pinutol na kahoy na nagkakahalaga ng higit Php600,000 noong Linggo, Enero 2, 2022.**

Ayon kay PCol Rhoderick Campo, Provincial Director, naaresto ang mga suspek ng mga operatiba ng Carranglan Municipal Police Station, NEPPO sa ilalim ng pamumuno ni PCpt Darwin Mislang, Officer-in-Charge, ang isang (1) wanted person sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong rape na walang kaukulang piyansa.

Bukod dito, nagsagawa din ng checkpoint ang pinagsanib puwersa ng Carranglan MPS, DENR-CENRO Muñoz City, 2nd PMFC NEPPO, DENR Nueva Vizcaya at Santa Fe Police Station, Nueva Vizcaya Police Provincial Office sa National Highway, Brgy. Joson, Carranglan, Nueva Ecija na nagresulta sa pagkahuli sa naturang checkpoint ang dalawang suspek na lalaki at nakumpiska sa kanilang pag-aari ang iba't ibang laki ng ilegal na pinutol na kahoy na tinatayang nagkakahalaga ng Php611,712.

Nahaharap ang dalawang suspek sa kasong paglabag sa PD 705 (Revised Forestry Code).

Sinigurado naman ni PCol Campo na patuloy na magsasagawa ng operasyon laban sa kriminalidad at ilegal na droga sa probinsiya ng Nueva Ecija. Ito ay bilang tugon sa derektiba ni PBGen Matthew Baccay, Regional Director ng Police Regional Office 3 upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa Gitnang Luzon.

# Rank 1 Most Wanted Person, arestado sa Sorsogon

**Juban, Sorsogon (January 2, 2022) - Arestado ang isang lalake na Rank 1 Most Wanted Person sa ikinasang manhunt operation ng Juban Municipal Police Station (lead unit) at 2nd Provincial Mobile Force Company sa Sitio Talinga Brgy. Cogon, Juban, Sorsogon bandang ala una y media (1:30) ng hapon noong Enero 2, 2022.**

Ang suspek ay isang laborer sa nasabing lugar na inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape in relation to RA 7610 na kung saan menor de edad ang biktima. Walang piyansa ang nasabing kaso at isang mabigat na parusa ang kakaharapin ng nasabing suspek sakaling mapatunayan na ito ay nagkasala.

Kasalukuyan nasa kustodiya ng Juban MPS ang suspek para sa tamang disposisyon bago iharap sa korte.

Pinaiigting naman ang kampanya ng Pulis Kasanggayahan kontra kriminalidad sa lalawigan ng Sorsogon na isa sa mga paraan upang makamit ang hangaring mapanatili ang katahimikan ng Sorsogon.

Hinihingi naman ng ating mga kapulisan ang patuloy na suporta at pakikipagtulungan ng publiko at lokal na komunidad sa pagsusumikap na sugpuin ang kahit anumang uri ng kriminalidad sa nasabing probinsiya.

# 2 wanted, huli sa PNP Caraga

**Camp Col Rafael C Rodriguez, Butuan City (January 4, 2022) - Pinaigting ang anti-criminality campaign ng Police Regional Office 13 (PRO 13) na nagresulta sa pagkakahuli sa dalawang (2) wanted na suspek na ilang taon nang nagtatago sa batas sa pamamagitan ng manhunt operation nitong Enero 4, 2022.**

Kinilala ang naaresto na si Alex Yuldan, 47 taong gulang, magsasaka, at residente ng Purok 4, Brgy. Manyayay, Lianga, Surigao del Sur, na nakalista bilang numero unong Most Wanted Person Municipal Level na inaresto sa pamamagitan ng Warrant of Arrest para sa krimen na Frustrated Murder sa ilalim ng Criminal Case No. 99-11-2197-H, na inisyu ng Regional Trial Court, Branch 29, Bislig City, na may petsang Disyembre 1, 1999 na may inirekomendang piyansa na Php30,000 para sa kanyang pansamantalang kalayaan.

Si Yuldan ay nahuli ng Tagbina Municipal Police Station (MPS) sa Brgy. Mahayahay, Magsaysay, Misamis Oriental, kasunod ng kumpidensyal na ulat na nakita ang suspek sa munisipyo.

Batay sa ulat, nasangkot si Yuldan sa insidente ng pananaksak matapos siyang bugbugin ng grupo ng mga lalaki noong Abril 1999. Agad na tumakas si Yuldan sa pinangyarihan ng krimen at nagtago sa kabundukan ng Lianga, Surigao del Sur sa sumunod na 23 taon.

Samantala, sa hiwalay na operasyon, nahuli ng mga operatiba ng Bayugan MPS si Jose Abuso Pagara, 62 taong gulang, may asawa, trabahador, at residente ng P-5, Brgy. Bucac, Bayugan City, Agusan del Sur sa bisa ng warrant of arrest dahil sa krimen na panggagahasa sa P-5, Brgy Kasulog, Salay, Misamis Oriental.

Ang warrant of arrest ay inilabas ng Regional Trial Court Branch 7, Bayugan City, Agusan del Sur, sa ilalim ng Criminal Case No. 6425, na walang inirerekomendang piyansa.

Lumabas sa ulat mula sa Bayugan MPS na ginahasa ni Pagara ang isang 10 taong-gulang na menor de edad, habang ang biktima ng ina ay nagtitinda ng mga gulay sa palengke noong Mayo 2019.

"Patuloy naming pinapalakas ang aming kampanya, kabilang ang pagpapaigting ng manhunt operations para sa mga Most Wanted na indibidwal, at hindi kami titigil hangga't hindi namin nahuhuli silang lahat.," saad ni PBGen Romeo Caramat Jr, Regional Director, PRO 13.

# Claire Diergos Murder Case, nasa piskalya na at 8 sa 10 suspek, positibong kinilala




**Santa Barbara, Iloilo (January 6, 2022) - Kinumpirma ni Police Lieutenant Colonel Jonathan Pinuela, Spokesperson, Special Investigation Team ng Iloilo Police Provincial Office na positibong kinilala ng mga witness ang 10 mga suspek sa pagpatay kay Claire Diergos sa kaniyang panayam nitong January 6, 2022.**

Ayon sa salaysay at mga ebidensyang naisumite, walo (8) sa sampung (10) suspek ang positibong kinilala ng mga witness. Samantala, dalawa (2) pang suspek ang kasalukuyang di pa nakikilala, isang babae at isang lalake. Lumalabas naman sa imbestigasyon na ang ibang suspek ay personal na kakilala ng biktima.

Si Diergos ang negosyanteng babae na pinatay sa loob ng kaniyang sasakyan sa tabi ng daan sa Brgy. Inangayan, Santa Barbara, Iloilo noong Oktubre 26, 2021. Hindi naman direktang sinabi ng IPPO Special Investigation Team ang mga pangalan at partisipasyon ng walong (8) suspek sa nasabing krimen upang maiwasan ma-preempt ang findings ng investigating prosecutor sa pagsasagawa ng Preliminary Investigation. At ayon na rin sa "FOI (Exemption to right of Access to information) para 4: Information deemed confidential or for the protection of the privacy of persons and certain individuals such as minors, victims of crime or the accused." Dagdag pa na nakasaad din sa batas ang Karapatan ng mga suspek, "to be presumed innocent until proven otherwise."

Tiniyak naman ni Police Colonel Gilbert Gorero, Provincial Director, IPPO na naisampa na ng SIT ang kasong Murder sa opisina ng Provincial Prosecutor. Hindi rin pinangalanan ni Gorero ang mga witness upang matiyak ang kanilang kaligtasan na sa kasalukuyan ay nasa ilalim na ng Witness Protection Program.

Hinimok naman ni Gorero ang publiko na patuloy na ipanalangin na mabigyang hustisya ang pagkamatay ni Diergos na inaasahang posibleng tatagal pa ang usad ng kaso dahil sa COVID-19 pandemic. Ang pagsampa ng kaso ay initial steps pa lang para maparusahan ang dapat parusahan, dagdag pa niya. Pinasalamatan din niya ang SIT sa matagumpay na imbistigasyon upang makumpleto ang mga ebidensyang kinakailangan.

# Babaeng nagpanggap na PDEA agent, arestado




**Calabanga, Camarines Sur (January 6, 2022) - Sa pinagsanib na puwersa ng kapulisan ng Calabanga at ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Camarines Sur, nadakip ang isang (1) babae na nagpapanggap na PDEA Agent matapos ang ikinasang buy-bust operation sa inuukupahan nitong bahay sa Barangay San Roque, Calabanga, Camarines Sur mag-aalas nuwebe ng gabi nitong January 6, 2022.**

Natukoy ang babae na si Ivy Aguilar y Harochoc, 35 anyos, residente ng Barangay Sta. Cruz Ratay. Nahuli rin ang mga kasamahan nito na sina Allan Exala y Tarala, 35 anyos, Barangay san Lucas; Danielle Marie Azuela y Bellega, 20 taong gulang, Online Seller, residente ng Barangay San Roque at Benjie Morino y Sacuesa, 36 taong gulang ng Barangay San Lucas.

Nakumpiska sa mga suspek ang ilegal na droga na hinihinalang shabu na may timbang na 52 gramo na may value market na Php353,600 dalawang (2) cellphone na gamit sa transaksyon, isang (1) tactical knife, dalawang (2) motorsiklo at drug paraphernalia.

Si Harachoc ay isang notorious drug personality at ang mga kasamahan niya ay nasa Provincial Drug Watch List.

Nasa kustodiya na ng Calabanga Municipal Police ang mga suspek na mahaharap sa kasong paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

"Ang pagkakaisa at malakas na ugnayan ng PNP Bicol at PDEA RO5 ay isa sa mga epektibong pundasyon sa pagsasakatuparan ng mithiin ng gobyerno na linisin ang lipunan sa impluwensya ng ipinagbabawal na gamut," ani PBGen Jonnel Estomo, Regional Director, Police Regional Office 5.

# ZNPPO, pinaigting ang kanilang Manhunt Operation

**Sa kabila ng mahigpit na pagpapatupad ng mga restriction at safety health protocols kaugnay sa COVID-19 pandemic, patuloy pa ring pinaigting ng Zamboanga Del Norte Police Provincial Office (ZNPPO) sa pamumuno ni Police Colonel Giovanni Hycenth Caliao I, Provincial Director ang kampanya laban sa pagtugis ng mga Most Wanted Persons na nagtatago sa probinsya at kalapit na lugar.**

Halos nasa kabuuang 17 Top Most Wanted Persons at 23 Wanted Persons ang naaresto sa loob lamang nitong buwan ng Disyembre 2021. Ang nasabing operatiba ay matagumpay na isinagawa sa kooperasyon ng mga kapulisan sa dalawang (2) city police stations at 25 municipal police stations kabilang na rin ang dalawang (2) Provincial Mobile Force Company na walang tigil na nagpapatrolya sa iba't ibang Area of Responsibility kaagapay ang iba pang police offices/ stations at iba pang mga enforcement agencies sa bansa.

Ang pagkaaresto sa mga nasabing Wanted Individuals ay nagpapahiwatig lamang na ligtas mamuhay, magtrabaho at magnegosyo sa nasabing probinsya. Gayunpaman, patuloy pa rin ang panghihikayat ng ZNPPO sa publiko sa pagbibigay ng mga mahahalagang impormasyon upang mahuli ang iba pang natitirang wanted persons upang mapanagot sila sa kanilang nagawang krimen at mabigyang hustisya ang kanilang mga biktima.

Patuloy ang pagsusumikap ng ZNPPO upang panatilihin at ipatupad ang iba't ibang anti-criminality campaigns at iba pang related security operations para sa mas ligtas at mapayapang Zamboanga Del Norte.

# Php240K shabu nasamsam; Rank #4 Regional Level huli sa Davao City



**Davao City (January 6, 2022) - Matagumpay na nahuli ang Rank #4 Regional Level na si Kris Ruthel Royal Sinfuego alyas "Kikik", 39 na taong gulang, residente ng Purok 9, Lot 4, Blk 68, Evergreen St., Sto. Niño, Mintal, Tugbok, Davao City matapos ang isinagawang buy-bust operation ng pinagsamang tauhan ng Mati City, City Drug Enforcement Unit; PRO 11, Regional Intelligence Division; Station Drug Enforcement Team ng PS3 Talomo Davao City Police Office; kasama ang Regional Special Operations Group, noong Enero 6, 2022.**

Ang pakikipagtransaksiyon sa nasabing suspek na dapat na magaganap sa Mati City ay inilipat nito Matina, Davao City kung saan nahuli ito sa akto ng pagbebenta ng hinihinalang shabu sa nagpanggap na poseur-buyer kapalit ang Php27,000 buy-bust money.

Nasamsam mula sa suspek ang may tinatayang bigat na 15 gramo ng shabu na may street market value na Php240,000. Gayundin ang Php4,100 halaga ng pera na pinaniniwalaang pinagbentahan ng ilegal na droga, isang (1) yunit ng Huawei cellphone, pack ng sigarilyo na mismong pinaglagyan ng hinihinalang shabu, isang (1) yunit ng Toyota Vios na may plakang LAJ 1360 na siyang ginagamit nito sa pakikipagtransaksiyon sa iba't ibang lugar.

# Squad leader ng CTG sa Panay, sumuko sa Tubungan PNP



**Panay (January 4, 2022) - Isang squad leader ng New People's Army (NPA) na kumikilos sa katimugang bahagi ng Panay sa Region 6 ang sumuko sa Tubungan Municipal Police Station, Iloilo noong ika-4 ng Enero, 2022 dahil sa hirap ng pamumuhay sa bundok at nakaka-trauma na mga karanasan sa isinagawang Military Operation sa kanilang hideout nito lamang Disyembre ng nakaraang taon.**

Ayon kay PCol Gilbert Gorero, Provincial Director ng Iloilo Police Provincial Office (IPPO), nitong Miyerkules ika-5 ng Enero, kinilala ang sumuko na si alyas "Banban"/"Tatang" 36 anyos mula sa Barangay Bikil, Tubungan, Iloilo, at dating Team Leader ng Squad 1 ng Mt. Napulak Command, Southern Front Committee ng Communist Party of the Philippines – New People's Army (CPP -NPA).

Saklaw ng mga lugar ng operasyon ng nasabing squad ang mga bahagi ng Miagao, San Joaquin, at Igbaras sa mga probinsya ng Iloilo at Antique at isa si Tatang sa mga miyembro ng Communist Terrorist Group na naging subject ng military operation sa Miagao, Iloilo noong nakaraang Disyembre.

Napaka-traumatic na karanasan para kay Tatang ang pangyayaring iyon at nais na lamang niyang magkaroon ng ligtas at mapayapang buhay," dagdag pa ni Gorero.

Matapos ang operasyong iyon, sumama si Tatang sa iba pang miyembro ng NPA na nagtago ngunit nagpasya rin syang umalis sa armadong kilusan noong ika-29 ng Disyembre, 2021, halos anim na taon mula noong lisanin niya ang kanyang tahanan para maging bahagi ng teroristang grupo.

Ayon pa kay Gorero, nagtrabaho si "Tatang" bilang magsasaka at naging kasapi ng kilusan ng Bagong Hukbong Bayan sa pamamagitan ng pagdalo sa isang caucus. Dito ay naakit siya sa pangakong magkaroon ng mas maganda at maayos na buhay.

Gayunpaman, sa ilang taon na siya ay nasa kilusan, walang ibang naramdaman si Tatang kundi ang matinding takot lalo na noong nagsagawa ng operasyon ang mga militar noong Disyembre 1, 2021.


Ang kanyang pagsuko noong Enero 4 ay pinadali ng ilang sibilyan, dagdag ni Gorero. "Sariling desisyon niya iyon. Nais din niyang mapakinabangan ang oportunidad na iniaalok ng gobyerno sa ilalim ng Executive Order No. 70 (Whole of the Nation Approach) tulad ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program o ECLIP.

"We are looking forward na makukumbinsi niya ang iba na sumuko. Ang kanyang pagsuko ay isang manipestasyon nga na ang gobyerno ay seryoso sa pagbibigay ng magandang kinabukasan para sa ating mga mamamayan, lalo na ang mga dating rebelde" dagdag pa ni Gorero.

Ang CPP-NPA ay nakalista bilang isang teroristang organisasyon sa mga bansa gaya ng United States, European Union, United Kingdom, Australia, Canada, New Zealand, at dito sa Pilipinas.

Pormal na ring itinalaga ng Anti-Terrorism Council ang National Democratic Front (NDF) bilang isang teroristang organisasyon noong ika-23 ng Hunyo, 2021 at kinukonsidera bilang "isang integral at hiwalay na bahagi" ng CPP-NPA na itinayo noong Abril 1973.

# Loose Firearm, isinuko sa Aklan PMFC



**Libacao, Aklan (January 5, 2022) - Isinuko ng isang concerned citizen ang isang home-made .38 revolver na walang identification at serial number sa Rosal Headquarters, Barangay Rosal, Libacao, Aklan nitong January 5, 2022.**

Ito'y matapos maisagawa ng 1st Aklan Provincial Mobile Force Company sa pangangasiwa ni Police Major Donnel Regis, Officer-In-Charge, ang Information Dissemination ukol sa E-CLIP.

Ang E-CLIP o Enhanced Comprehensive Local Integration Program ay isang programa ng pamahalaan na naglalayong tulungan ang ating mga kapatid na kasapi ng CPP-NPA-NDF at Militia ng Bayan na nais magbalik-loob sa pamahalaan at pamayanan, upang makapiling muli ang kanilang mga pamilya.

Nakakatulong din ang proyektong inilunsad ng Aklan Police Provincial Office sa pangunguna ni Police Colonel Crisaleo Tolentino, Acting Provincial Director at ni Police Brigadier General Flynn Dongbo, Regional Director ng Police Regional Office 6 na 'Armas baylo Bugas' o 'Bigas kapalit ng Armas' sa paghihikayat sa publiko na mag-surender.

Ang proyektong 'Armas Baylo Bugas' ay alinsunod sa programang OPLAN KATOK ng PNP na naglalayong protektahan ang kaligtasan at seguridad ng mga mamamayan.

Ang nasabing baril ay naicoordinate at nairecord sa Libacao Municipal Police Station at naiturn-over na sa 1st Aklan PMFC supply PNCO.

Patuloy namang hinihimok ng ating pambansang pulisya sa Aklan ang lahat na ireport at magsurender sakaling may pag-aaring unlicensed firearm sa kanilang opisina sa Brgy. Rosal, Libacao, Aklan o sa pinakamalapit na police station. Maaari ring tumawag or mag-text sa kanilang hotline number 09985988214.

# Php200k shabu, nakumpiska; 2 suspeks, arestado ng Nueva Ecija PNP

**Nueva Ecija (January 5, 2022) - Nakumpiska ng mga otoridad ng Nueva Ecija ang higit Php200,000 halaga ng shabu habang nagsasagawa sila ng buy-bust operation noong Huwebes, Enero 5 ng taong kasalukuyan sa Barangay Pag-asa, Talavera, Nueva Ecija.**

Ayon sa ulat ni PCol Rhoderick Campo, Acting Provincial Director ng Nueva Ecija Police Provincial Office, ang mga tauhan ng SDEU Talavera MPS ay nagsagawa ng buy-bust operation sa nasabing lugar na nagresulta sa pagkakahuli ng mga suspek na kinilalang sina Jacque Lou Mutuc y Tolentino, 28 taong gulang at Mean Nicole Guiterrez, 18 taong gulang na parehas residente ng Tondo, Manila.



Narekober sa kanila ang limang (5) piraso ng pitong (7) plastik ng hinihinalang shabu na may timbang na 20.3 gramo na tinatayang nagkakahalaga ng Php200,000 at Php5,000 bill bilang mark money.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o The Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Sinigurado naman ni PBGen Matthew Baccay, RD PRO3 na ang puwersa ng kapulisan sa Rehiyon Tres ay patuloy sa paglaban upang tuluyan ng mapuksa ang palaganap ng ilegal na droga sa rehiyon.

# Php1.4M shabu nasamsam sa Taguig buy-bust operations




**Alinsunod sa direktiba ni NCRPO RD PMGen Vicente Danao Jr sa kampanya laban sa iligal na droga, nasamsam ang Methamphetamine hydrochloride, na mas kilala sa tawag na shabu na nagkakahalaga ng ₱1,394,000.00 sa isang buy bust operation na humantong din sa pagkakalansag sa isang drug den sa #438 Dinggin Bayan St, Brgy. Ibayo-Tipas, Taguig City.**

Ayon kay PBGen Jimili Macaraeg, District Director ng SPD, naaresto ang anim (6) na durugista na kinilalang sina Nerilita Jumaquio y Ulayan, 55 taong gulang, Jon-Jon Cajucom y Miranda, 35 taong gulang, Jobelle Cruz y Berbon, 36 taong gulang, Norudin Bandong y Sabdullah, 28 taong gulang, Raida Ali y Kalipapa, 25 taong gulang, Crisanto San Jose y Sanga, 63 years old, pawang mga taga Taguig City.

Batay sa ulat, dakong 6:50 ng gabi ng Enero 6 (Huwebes), ang mga operatiba mula sa DDEU-SPD sa pangunguna ni PMaj Cecilio G Tomas Jr, sa ilalim ng pangangasiwa ng PLtCol Renante M Galang, C, DID/D2, nagsagawa ng buy-bust operation ang mga tauhan ng DID, DMFB-SPD at Taguig Sub-Station 5 na nagresulta sa pagkakaaresto ng mga suspek at pagkakasamsam ng 32 heat sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu na humigit-kumulang 205 gramo ang bigat na may tinatayang halaga na Php1,394,000, php500 buy-bust money, isang (1) gray shoulder bag, isang (1) checkered wrist pouch, isang (1) asul na hand pouch, dalawang (2) digital weighing scale at dalawang (2) identification card.

Dinala ang mga suspek sa SPD DDEU Office para sa dokumentasyon at disposisyon habang inihahanda na ang mga kasong paglabag sa Sections 5, 6, 7, 13 at 14, sa ilalim ng Art II ng RA 9165 laban sa mga naarestong suspek. Lahat ng nakuhang ebidensya ay ibibigay sa SPD Forensic Unit para sa chemical analysis.

Mas pinaigting na kampanya laban sa ilegal ang araw araw na pinapamalas ng ating mga kapulisan upang mas mapabilis ang paglinis sa mga salot sa lipunan at mas maging ligtas ang ating komunidad na ginagalawan.

# Higit Php800,000 Marijuana nasamsam, tatlong drug personalities na naaresto sa Lalawigan ng Benguet

**Beguet (January 6, 2022) - Nasa kabuuang Php816,000 halaga ng mga halamang marijuana ang natanggal at tatlong (3) drug personalities ang naaresto ng mga pulis ng PROCOR sa magkahiwalay na anti-illegal drugs operations na isinagawa sa Benguet mula Enero 4 hanggang 6, 2022.**

Sa tatlong araw na isinagawang Marijuana Eradication, nadiskubre ng mga operatiba ng Bakun MPS sa Brgy. Poblacion, Bakun, Benguet ang kabuuang 1,600 piraso ng Fully Grown Marijuana Plants (FGMP) na may Standard Drug Price (SDP) na Php320,000 na nilinang sa 400 square meters na communal land.

Samantala, nadiskurbe din ng mga operatiba ng Kibungan MPS ang nasa kabuuang 2,480 piraso ng FGMP na nagkakahalaga ng Php496,000 na nilinang sa kabuuang sukat ng lupain na 620 sa Brgy. Tacadang, Kibungan, Benguet.

Lahat ng nadiskubreng halaman ng marijuana ay binunot at sinunog ng mga operatiba habang nagpapatuloy naman ang imbestigasyon para matukoy ang mga posibleng salarin.


Dagdag pa, sa isinagawang buy-bust operation sa Brgy. Poblacion, Mankayan, arestado ang suspek na si Rey matapos nitong ibenta sa isang operatiba na umaktong poseur-buyer ang isang (1) plastic sachet ng hinihinalang shabu na may tinatayang bigat na 0.30 gramo at SDP na Php2,040.

Gayundin, sa magkahiwalay na buy-bust operation, inaresto ang suspek na si Leonard matapos itong magbenta ng dalawang (2) piraso ng plastic sachet ng hinihinalang shabu na may kabuuang timbang na 0.09 gramo na may SDP na Php612 sa isang operatiba na umaktong poseur-buyer.

Higit pa rito, sa Brgy. Abatan, Buguias, arestado ang suspek na si Virgilio matapos nitong ibenta sa isang operatiba na umaktong poseur-buyer ang isang (1) plastic sachet ng hinihinalang shabu na tinatayang may timbang na 0.25 gramo na may SDP na Php1,700.

Ang mga naarestong suspek at ang mga nakumpiskang ebidensya ay dinala sa kustodiya ng kani-kanilang operating unit para sa dokumentasyon at tamang disposisyon habang ang mga suspek ay mahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

# Php374K shabu, nasabat sa checkpoint sa Marawi City




**Marawi City, Lanao del Sur (January 2, 2022) - Inaresto ng pinagsanib pwersa ng Marawi City Police Station at 500th Combat Engineer Battalion, 5th Engineer Brigade ang tatlong (3) indibidwal at nakumpiska ang Php374,000 halaga ng Shabu sa isinagawang Checkpoint Operation sa Brgy Gadongan, Marawi City, Lanao del Sur noong Enero 2, 2022.**

Nakumpiska sa mga suspek sa nasabing operasyon ang dalawang (2) heat sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng shabu na may kabuuang timbang na 55 gramo na tinatayang nasa halagang Php374,000 at isang (1) Unit Caliber .45 pistol chamber na may karga, may dalawang (2) magazine at pitong (7) live ammunition.

Alinsunod dito, sinita ang mga suspek dahil hindi nakasuot ng face mask sa checkpoint operation at nang mapansin ng tropa ang isang pistol na nakasuksok sa kanang baywang ng driver na nag-udyok sa kanila na magsagawa ng karagdagang imbestigasyon na nagresulta sa pagkakumpiska ng ilegal na droga.

Sasampahan ng kasong paglabag sa RA 10591o Comprehensive firearms and Ammunition Regulation Act at RA 9165 o The Comprehensive Dangerous Drug act of 2002 ang mga naarestong suspek na nasa kustodiya ngayon ng Marawi CPS.

Pinupuri ni PBGen Eden Ugale, Regional Director ng PRO BAR, ang mga operatiba sa likod ng matagumpay na operasyon, isang tagumpay na nagpapakita ng paninindigan at pagtutulungan ng mga alagad ng batas na labanan ang ilegal na droga at ilagay sa rehas ang mga kriminal upang mapanatili ang isang mapayapa at ligtas na Rehiyon ng Bangsamoro.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No. 01 * Enero 1-7, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Paso mo, lumang uniform ko




**Mula sa mga retaso ng lumang uniform ng ating mga kapulisan, nakabuo ng panibagong produkto na maaaring maging source of income ng mga mamamayang Bicolano.**

Pinaghusay ng ating mga kapulisan ng Naga City Mobile Force Company, na ang mga lumang uniporme ay ginamit bilang kasangkapan sa kanilang proyekto ng "Paso, Tulong sa Puso ng Frontliners".

Ito'y isang unit initiative income-generating project na nagpapahusay sa recyclability ng mga nakumpiska/turn-over na uniform ng Militar at ng Kapulisan kung saan ginamit bilang base material sa paggawa ng paso.

Ito ay alinsunod sa PNP MC Number 2018-024 Guidelines and Procedure of Proper Disposal of PNP Uniforms and Accoutrements.

Isang kahusay-husay at nakakabilib na nagkaroon ng ganitong inisyatibo ang ating mga Kasurog Cops. Salamat din sa kanilang magaling at makakalikasang Force Commander Police Lieutenant Colonel Rommel Labarro, ganoon rin sa butihing Regional Director Police Brigadier General Jonnel Estomo na laging pinapaalala na dapat ang mga gagawing aktibidad ay dapat kakaiba at nararamdaman ng Sambahayang Bicolanos. Nawa'y mas marami pa kayong proyekto lalo na sa pagpapahalaga ng ating Inang Kalikasan.

# Pagkalinga sa Senior Citizen ng 1st ESPMFC



**Eastern Samar (January 5, 2022) - Sa pagpasok ng bagong taon ay isa na namang Senior Citizen ang naging benepisyaryo sa ilalim ng proyektong Pagkalinga sa Senior Citizen ng 1st Eastern Samar Mobile Force Company.**

Binisita ng Police Community Affairs Section Team ng 1st ESPMFC sa pangunguna ni PLt Angelyn Glou Cortado, Admin at PCAS Officer sa patnubay at pangangasiwa ni PLtCol Joy G Leanza, Force Commander ang isang (1) senior citizen na si Tatay Santos, 61 taong gulang na tanging pagsasaka ang hanap-buhay sa Brgy. Batiawan, Taft, Eastern Samar.

Isa lamang si Tatay Santos sa maraming nahandugan ng nasabing tanggapan simula pa noong nagdaang taon at patuloy itong maghahatid ng tulong at pagkalinga sa ating mga Senior Citizen.

Maraming salamat sa inyong malasakit sa ating mga lolo at lola, 1st Eastern Samar PMFC!



# Munting handog ng BCAS RMFB, NCRPO sa isang PWD





**Las Pinas City (December 31, 2021) - Sinorpresa ng Battalion Community Affairs Service (BCAS), Regional Mobile Force Battalion (RMFB) sa pangunguna ni Police Major Anthony Alising kasama si Police Lieutenant Edmund Benitez at iba pang miyembro ng Rapid Deployment Company (RDC) ang isang residente sa 077 J.P Rizal St., Tuazon Village, Pamplona Uno, Las Pinas City noong Disyembre 31, 2021 upang maghandog ng isang wheelchair.**

Siya si David L. Mejia, 64 taong gulang na isang Person with Disability.

Maluha-luha sa tuwa si Mejia ng tanggapin niya ang munting handog na wheelchair ng BCAS RMFB.

Ang nasabing aktibidad ay alinsunod sa programang Serbisyong TAMA at Gulong ng Suerte na naglalayong tumulong sa ating mga kababayan na nangangailangan.

Lubos naman na pinasalamatan ni Mejia ang BCAS RMFB lalong lalo na kay PMaj Alising sa patuloy na pagpapanatili ng matatag na ugnayan ng pulisya at mamamayan partikular na sa pamamahagi ng tulong para sa ating mga kababayan na PWD. Isa itong mabuti at napakagandang regalo para sa ating kababayan ngayong 2022.